

written by

eline santos

doll
eyes

paintings by

joy mallari

Translated into Filipino by AUGIE RIVERA



Ang Quiapo ay pasikut-sikot na mga tindahang naglalalako ng lahat ng bagay mula sa mga pangkaraniwan — tulad ng mga nakaw na telepono at tsinelas na tigsisidenta’y singko pesos — hanggang sa mga ‘di-pangkaraniwan.



Sa isa sa mga tindahang ito, may isang manlilikha ng manyika na may-ari ng isang hugis-paniking tindahan. At taglay niya ang nakatatakot na uri ng mahika.

Makikita si Manang Bolabola na nakaupo sa labas ng tindahan niya, nakapikit na tila nahihimbing. Pero ang totoo, nakikita, naaamoy at naririnig niya ang lahat. Nagmamasid siya at nag-aabang ng tamang uri ng materyal para sa kanyang mga manyika.




Tila pangkaraniwan lang ang kanyang mga manyika. Kasamang nakatanghal ng tumpok ng mga manyikang plastik na may kukurap-kurap na asul o kulay-tsokolateng mga mata ang mga kahel, lila at puting teddy bear, hugis-pusong mga unan, at kulay rosas na mga baboy na may kulot na mga buntot.



Pero may lihim na koleksyon si Manang Bolabola na nakatago sa likod ng kanyang tindahan.

Maririkit ang mga manyikang ito, at gawa sa mamahaling mga materyales tulad ng porselana at garing. At ang pinakapambihirang katangian ng mga ito ay ang kanilang mga mata. Bawat mata ng manyika ay likha sa mamahaling bato.





May manyikang
taglay ng mga mata ang
kulay ng sinag ng araw,
habang ang iba nama'y
may liwanag ng buwan
na nalalambungan
ng mala-pelus
na kalangitan.
May iba namang
may nalalabing
alingawngaw ng
kutitap-halakhak ng
bahaghari, at ang iba'y
may mayuming bulong
ng pinakabughaw na
ulap.

Bawat manyika ay
bukod-tangi. Kahit
isa'y hindi niya
ipinagbibili.



Patuloy siyang nagmasid sa mga tao.

Ayun.

Namataan ng manlilikha ng manyika ang batang babae. Nag-iisa. Laking-kalsada. Isa sa pitong magkakapatid. Nawalay sa pamilya. May mga pasakit na pasan-pasan.


Natakam si Manang Bolabola. Tama. Puwede nang pitasin ang isang ito.



Sa kumpas ng kanyang kamay,
tinawag niya ang batang babae na
dali-dali namang lumapit.

“Ano po ‘yon, lola?”

Ngumiti ang manlilikha ng
manyika, bumulong sa tainga
ng bata, at saka hinawi ang
kurtinang nagkukubli sa pasukan
ng kanyang tindahan. Pumasok sa
loob ang bata.



Paglabas ni Manang Bolabola,
may bago nang manyika sa
kanyang lihim na silid, may mga
matang kakulay ng dapithapong
may bahid ng kislap ng unang
bituin sa gabing madilim.





Sa pasikut-sikot na daan at tindahan sa paligid ng Quiapo, ibinebenta nang pakyawan at murang-mura ang mga bulaklak. Araw-araw, dito kumukuha ng paninda si Tin at ang iba pang mga batang nagtitinda ng mabangong sampaguita.

Enero noon. Mahigpit ang labanan sa bentahan. Bihira kasing bumili ng bulaklak ang mga tao matapos ang kapaskuhan.



Nag-aalala si Tin kay Ella.

May kakaibang buklod na nagdurugtong sa magkaibigan, marahil dahil pareho silang ipinanganak ng Pasko.

Nakasanayan na kasi ng dalawang alagaan ang isa't isa at lagi nilang alam ang iniisip at nararamdaman ng bawat isa, kahit hindi sila magsalita.

Umasa si Tin na ligtas si Ella. Pero hindi pa niya ito nakikita mula kahapon at hindi mawala-wala ang kanyang pangamba.



Sa lihim na silid, puno ng mga manyikang iba't ibang uri at laki ang mga estante. Karamihan sa mga babae ay nakasuot ng Maria Clara at baro't saya habang ang mga lalaki naman ay nakabarong. May ilang nakasuot ng katutubong damit. At may iba namang nakasuot ng banyagang kasuotan, kimono at cheongsam.

Habang pinagmamasdan ni Ella ang mga kamay niyang garing, pilit kumawala ang iyak sa kanyang lalamunang porselana — ngunit tila nanigas at naimpit ang sigaw at walang nakarinig sa kanya. Maliban sa mga kapwa niyang manyika.



‘Huwag na huwag mong tatawagin ang pansin ng manlilikha ng manyika.’

Narinig ni Ella ang isang tinig sa kanyang isip at batid niyang ito ang manyikang katabi niya.

‘Baka pitasin niya ang mga mata mo,’ babala ng isa pang tinig.

“Pitasin ang mga mata ko?” pagtataka ni Ella.

‘Kinokolekta niya tayo para sa ating kaluluwa,’ pagpapatuloy ng tinig, ‘na ang esensiya ay nasa ating mga mata. Kapag kailangan na niya ito, pinipitas niya ang ating mga mata, at tayo’y mawawala na.’





Kinilabutan si
Ella sa narinig.
‘Gumagalaw ka pa.
May nakakaalala pa
sa ‘yo.’


Noon lang naramdaman ni
Ella ang kanyang mga daliri na
bumabaluktot, ngunit hindi niya
ito maikuyom sa takot o galit.

“Ano ang mangyayari kung
tuluyan ka nang makalimutan?”

‘Habambuhay ka nang ‘di
makakagalaw at mananatiling
manyika.’

“Paano?” tanong ni Ella.
“Paano tayo makakawala?”

‘Hindi namin alam.’ At biglang
natahimik ang mga tinig.



Nagising si Tin, malamig ang pawis, humihingal sa paghinga, at nagpipigil na sumigaw. Sa kanyang panaginip, tila nanigas siya at hindi makagalaw. At batid niya agad ang ibig ipahiwatig noon. “Ella, nasaan ka na?”

Sa lamig at dilim ng pagbubukang-liwayway, agad na nagbihis si Tin. Hindi niya alam kung saan pupunta o kung ano ang gagawin pero alam niyang kailangan niyang umalis.

“Kailangang hanapin ko si Ella.”



Bagama't maaga pa noon, kumakapal na ang mga tao. Naalala ni Tin na pista pala noon ng Itim na Nazareno. Sa kaguluhan, alam niyang mas madali siyang maipit at matapakan ng mga tao kaysa makita ang nawawala niyang kaibigan. Taimtim siyang nagsumamo ng tulong sa kalangitan.


Naglakad siya sa piling ng mga tindahan, tinatawag si Ella sa kanyang isipan. Kung paano niya nalaman kung saan siya magpupunta, hindi niya maipaliwanag.



Hindi niya namalayang nakatayo na siya sa harapan ng tindahan ng mga plastik na manyika, teddy bear at baboy na may kulot na buntot. Kahit pangkaraniwan lang ang hitsura ng tindahan, tumayo ang mga buhok niya sa batok na tila binigyan siya ng babala.

Sa labas, nakaupo ang isang matandang babaeng natutulog.

Tila may nagsasabi sa kanyang maging maingat.





Nang
mabangga
niya ang isang
matangkad

at kayumangging lalaki, muntik na siyang mapasigaw. Ngunit maamo ang mga mata ng lalaking may sombrero tila matinik at naramdaman niyang gusto lang nitong makatulong. Sinenyasan siya nitong tumahimik at may inilagay ito sa kamay niya.

Isa pala itong plastik na *water gun* na puno ng mapulang tubig. Bago pa man niya ito matanong o mapasalamatan, naglaho na ang lalaki.

Maingat na nagtungo si Tin sa likod ng tindahan, itinaas ang tabing at gumapang sa ilalim nito.



Agad-agad, nanikip ang dibdib ni Tin. Pakiwari niya'y pinagmamasdan siya ng daan-daang mga mata at tila ipinako na ng takot ang mga binti niya sa lupa.

Naramdaman niyang may humawi ng kurtina. "Kumusta!" ngisi ng manlilikha ng manyika. "Mukhang nagustuhan mo 'yang koleksyon ko. Hindi mabuti ang ginawa mong pagpuslit. Maaari ka namang magsabi at patutuluyin naman kita."

Tila mapipigtas ang mga buhok sa batok ni Tin na nagtayuag muli, ngunit may kakaibang halina ang tinig ng matanda.





“Gusto mo ba ng tsokolate, anak?”

Tatanggi sana si Tin ngunit tiningnan siya nang maamo ng matanda.

“Kapag kinain mo ito,” sabi niya, “hindi ka na giginawin o gugutuming muli. Hindi mo na kailangang magtrabaho o mag-aral. Magiging maganda ka, magkakaroon ng maraming magagarang damit at mga bagong kaibigan.”



Naramdaman ni Tin na naglaho ang kanyang takot.

Dahan-dahan, inabot niya ang tsokolate. At tila bumigat uli ang hangin nang daan-daang ‘di-marinig na mga sigaw ang dumapo sa kaniyang mga balikat.

“Sige na, anak, kumagat ka na.”

Kumagat nang kaunti si Tin sa tsokolate at habang natutunaw ang tamis sa kaniyang dila, bigla niyang narinig ang tinig ni Ella sa kaniyang isip.

‘HUWAG!’





Bigla niyang naalala
ang kaniyang pakay
— at ang *water gun!*
Itinutok niya ito sa
matanda at pinindot
bago pa tuluyang
nanigas ang kaniyang
mga daliri. Hinimatay
si Tin sa tunog ng
nakakikilabot na sigaw
ng matandang babae
at daan-daang tinig ng
mga batang sumisigaw,
sumisigaw, sumisigaw...



Nang magkamalay si Tin, nasa labas na siya ng tindahan at katabi niya si Ella.


“Anong nangyari?”

“Umalis na silang lahat.” Ipinaliwanag ni Ella na naging tunay na mga bata muli ang mga manyika.

“Anong nangyari sa matanda?”

“Kung anuman ‘yong nasa baril mo, bumalot ito at pumulupot sa kanya,” bulong ni Ella.





“Tapos, anong nangyari?”

Itinuro ni Ella ang isang luma at nanlilimahid na manyikang may itim na butones na mga mata sa itaas ng mga teddy bear. “Ayan siya, o!” sabi ni Ella.

“Ahh,” wika ni Tin.

Naghawak-kamay ang magkaibigan, nagsimulang maglakad, at naglaho sa kakapalan ng tao sa Quiapo.

about the author

ELINE SANTOS graduated from the University of the Philippines at Los Baños with a degree in Communication Arts.

As a child, her Nanay read fairy tales from a big, thick book whose gilded pages contained real treasure. Brownouts were opportunities for wonderful storytelling time as the whole family squeezed into one bed while Tatay wove impromptu stories filled with *aswangs*, dolphins, and other creatures, both real and imagined.

Eline has written children's books on the postman, architect, broadcaster, and fireman for Museo Pambata, and various articles for the Junior Inquirer.



about the artist

JOY MALLARI studied Fine Arts at the University of the Philippines and is known for her meticulously painted Lip Reader series that capture the emotive qualities of faces in the process of creating syllables.

A member of the Salingpusa group and the Sanggawa Collective, Joy has exhibited her works in Manila, Los Angeles, Denmark, Mexico, Japan, Australia, Singapore and Malaysia. She lived in the United States for eight years and is now permanently back in the Philippines, where she resides in Parañaque City.

Doll Eyes is her first book.



We enjoy hearing from our readers.

Please feel free to let us know what you think of this book by emailing us at info@canvas.ph, or by mail at CANVAS, No.1 Upsilon Drive Ext., Alpha Village, Diliman, Quezon City, Philippines 1119.

First published in hardcover by CANVAS, 2010

Online e-book version 2010

Printed in the Republic of the Philippines

Book and Cover Design by Daniel Palma Tayona

Photography by Mike Cheung and Ocs Alvarez